## Patakaran sa Pagbigay ng Pinansiyal na Tulong

Nais ng BJC ang matulungan ang mga pasyente na walang pagseseguro sa kalusugan o kailangan ang tulong sa pagbabayad ng kanilang mga pagkakautang sa ospital. Bilang isang hindi pangkalakal na organisasyon para sa pangangalaga ng kalusugan, inaalagaan ng BJC at ng aming mga miyembro na ospital at mga organisasyon para sa serbisyong pangkalusugan ang aming mga pasyente at mga komunidad na aming pinagsisilbihan sa pamamagitan ng mas mabuting kalusugan at mas maiging pangangalaga sa kalusugan.

Ang aming mga kawani ay maaari kang tulungan sa:

- Pag-apply para sa pagseseguro sa kalusugan sa bagong Marketplace
- Pag-apply para sa tulong ng Medicaid
- Pagtiyak kung ikaw ay kwalipikado sa pinansiyal na tulong mula sa BJC

**Pinansiyal na Tulong ng BJC**

Una sa lahat, ang iyong kalagayang pinansiyal ay hindi makakaapekto sa pangangalaga sa iyo. Lahat ng pasyente ay binibigyan ng paggalang at tinatrato nang makatarungan. Ang mga pasyente na natutugunan ang ilang mga alituntunin tungkol sa kita ay maaaring maging kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong ng BJC, kasama na ang bawas na babayarin sa ospital at pangmatagalang bayaran na walang interes na pinapataw. Ang mga pasyenteng karapat-dapat sa pinansiyal na tulong ay mas mababa ang babayaran kumpara sa mga babayaran ng mga taong may pagseseguro na sumasaklaw sa ganoong klaseng pangangalaga. Maaaring makuha ang impormasyon tungkol sa halaga ng babayaran at ng pagkuwenta nito sa pamamagitan ng pagtawag sa (isingit ang numero dito) o pagpunta sa www.bjc.org.

Kung ikaw ay mayroong pagseseguro at may katanungan tungkol sa mga saklaw nito o ang antas ng iyong mga benepisyo, mangyaring kontakin ang kompanya ng pagseseguro na iyong kinuha. Ang mga pasyenteng walang pagseseguro ay awtomatik na makakatanggap ng 40% na diskuwento sa mga babayarin at mabibilang sa maaaring tumanggap ng tulong. Depende sa uri ng serbisyo at antas ng pinansiyal na tulong, maaaring kailanganing magbigay ng bahagi ng babayarin. Maaari ka naming bigyan ng tsart ng Kita at Diskuwento sa Patakaran ng Pagbibigay ng Pinansiyal na Tulong, na nagpapakita ng halaga ng babayaran, kung iyong nanaisin.

Matapos maaprobahan ang pinansiyal na tulong, ito ay may bisa sa loob ng 12 na buwan mula sa petsa nang ito'y aprobahan. Dapat ipagbigay-alam sa amin ng mga pasyenteng nakinabang sa serbisyo sa loob ng panahong ito ang pagbisita sa ospital sa pamamagitan ng pagtawag sa (isingit ang numero dito) upang mabigyan ng pinansiyal na tulong.
Ang mga hindi kabilang sa criteria ng kwalipikasyon para sa pinansiyal na tulong ay pag-aaralan batay sa indibidwal na kaso.

**Pag-apply para sa Pinansiyal na Tulong**
Maaari kang mag-apply para sa Pinansiyal na Tulong kahit anong oras – bago, habang at pagkatapos ng iyong pangangalaga, hanggang sa 240 na araw mula sa pagkakatanggap ng unang pahayag ng pagkakautang. Ipapadala namin kasama ng pahayag ng pagkakautang ang impormasyon kung paano mag-apply para sa pinansiyal na tulong. Ang mga application form ay maaaring hingin sa kahit anong BJC na pasilidad, o sa aming mga website at sa www.bjc.org. Kinakailangan ng pagpapatunay ng kita tulad ng income tax return o payslip (katibayan ng sahod) kasama ng inyong aplikasyon. Ang mga halimbawa ng mga dokumento na maaaring gamitin bilang pagpapatunay ng kita ay matatagpuan sa application form.

Ang mga pasyente na nakapagpalista sa Medicaid o itinuturing na karapat-dapat sa Gateway to Better Health nitong nakaraan anim na buwan ay awtomatik na kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong para sa serbisyong medikal na hindi saklaw ng Medicaid. (Ang hindi lang kabilang dito ay kung ang nakaraang pagpapalista sa Medicaid ay dahil sa pagbubuntis. Kung gayon, maaari ka pa ring mag-apply para sa Pinansiyal na Tulong.

Bukod pa dito, ang mga pasyente ay maaaring maaprobahan para sa pinansiyal na tulong batay sa paggamit ng pamantayan ng pagsusuri na tumatantiya sa pinansiyal at/o socio-economic na kondisyon ng pasyente. Ang pagiging karapat-dapat para sa ganitong uri ng tulong ay hindi nangangahulugang awtomatik na kwalipikado na ang pasyente para sa tulong sa mga darating na pagkakataon.

**Mga Kwalipikasyong Medikal para sa Pinansiyal na Tulong**
Ang mga ospital ng BJC ay magkakaloob, nang walang pagbubukod, ng pangangalaga para sa **mga emergency na kondisyong medikal** sa lahat ng mga pasyenteng nais ang ganong pangangalaga, nang hindi alintana ang kakayahang magbayad o pagiging kwalipikado sa pinansiyal na tulong, ayon sa hinihingi ng Emergency Medical Treatment and Active Labor Act (EMTALA).

Maaari lamang makakuha ng pinansiyal na tulong para sa mga emergency at kinakailangang medikal na serbisyo. Hindi ito maaari sa mga prosesong elektibo tulad ng cosmetic surgery. Hindi rin ito maaari sa mga bahagi ng serbisyong naipagkaloob sa iyo na binayaran ng ikatlong partido tulad ng kompanya ng pagseseguro o programa ng gobyerno.

Ang Pinansiyal na Tulong ay maaaring maibigay sa mga pasyenteng nakatira sa Missouri at Illinois.

Maaaring makakuha ng listahan ng mga tagapagtustos na hindi kabilang sa pinansiyal na patakaran ng BJC sa pamamagitan ng pagtawag (isingit ang numero dito) o pagpunta sa www.bjc.org.

**Mga Alituntunin sa Kita para sa Pinansiyal na Tulong**

Ang halaga ng pinansiyal na tulong na iyong matatanggap ay batay sa impormasyon ng Federal Poverty Level o Pederal na Antas ng Kahirapan na inihahayag ng gobyerno ng Estados Unidos kada taon. Upang maging karapat-dapat makatanggap ng diskuwento, ang kita ng iyong pamilya ay hindi dapat higit pa sa tatlong beses ng Federal Poverty Level o Pederal na Antas ng Kahirapan (300%) Maaari ka naming bigyan ng tsart ng Kita at Diskuwento sa Patakaran ng Pagbibigay ng Pinansiyal na Tulong na nagpapakita ng mga antas ng kita kung iyong nanaisin. Bukod pa sa iyong kita, isinasaalang-alang din ang laki ng iyong pamilya sa pagbibigay ng diskuwento. Ang mga pasyenteng kumikita ang pamilya ng $100,000 kada taon ay hindi karapat-dapat sa Pinansiyal na Tulong ng BJC, ano pa man ang laki ng pamilya. Ang mga residente ng Illinois na walang pagseseguro at nakakatanggap ng mga serbisyo sa Alton Memorial Hospital ay maaaring makakuha ng karagdagang diskuwento sa ilalim ng Illinois Hospital Uninsured Patient Discount Act.

**Mga Alituntunin sa Kita para sa mga Sakunang Kaganapan**

Sa panahon ng isang sakunang medikal, ang mga pasyenteng hindi pangkaraniwang kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong ay mapagkakalooban ng tulong. Sa mga ganitong kakaibang pangyayari, ang pananagutan ng pasyente sa babayarin sa loob ng 12 na buwan ay hindi hihigit pa sa 25 porsiyento ng taunang kita ng pamilya.

**Alamin pa ang tungkol dito**

Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Patakaran ng Pagbigay ng Pinansiyal na Tulong ng BJC at mag-apply, o humingi ng nakasulat na abiso o komunikasyon (e-mail) sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kinatawan ng Mga Serbisyong para sa Pasyente (Patient Services) o pagtawag sa amin **dito:** 314-362-8400 toll free 855-362-8400.
Maaari ring makakuha ng impormasyon at application form sa www.bjc.org.

Huwag mag-atubiling magtanong tungkol sa Pinansiyal na Tulong. Nandito kami para tumulong.